ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LVI Blg. 9
Mayo 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Armadong rebolusyon ang tunay na solusyon

Inilalantad ng naghaharing sistema ang sarili nitong kabulukan sa nagaganap ngayong reaksyunaryong eleksyon. Sa nagdaang mga buwan ng pangangampanya para sa halalan sa senado, kongreso at mga lokal na gubyerno, nasaksihan ng taumbayan kung papaanong ang eleksyon sa Pilipinas ay dominado ng mga dinastiya at partidong kumakatawan sa interes ng mga imperyalistang dayuhan at iilan at hindi ng mayorya ng sambayanan.

Ang eleksyong 2025 ay pinagharian ng pinakabulok na mga pangkatin ng naghaharing uri: ng mga Marcos at Duterte, na kapwa sagad-sarin sa korapsyon, panunupil at pang-aapi sa bayan, at sa pagiging sunud-sunuran sa mga dikta ng imperyalistang dayuhan. Kapwa sila ngayon nagbabalyahan para mahawakan ang kapangyarihan sa layuning palawakin ang kanilang yaman at burukratikong pribilehiyo, at makatakas sa mga pananagutan sa mga krimen nila sa bayan.



Nais ng pangkating Marcos na pagharian ang kongreso, senado at mga LGU para lalong mapahigpit ang kontrol sa poder at likhain ang kundisyon para sa pagpapalawig sa kapangyarihan ng kanilang dinastiya lagpas sa 2028. Ang pagpapakulong kay Duterte sa International Criminal Court kung saan nasasakdal siya sa mga krimen laban sa sangkatauhan ay binigyang daan ni Marcos sa tangkang idiskaril ang mga karibal niya sa pulitika. Kabi-kabila ang palabas at gimik ng rehimeng Marcos upang makuha ang malawak na suporta ng taumbayan. Gayunman, bigo itong pagtakpan ang malalang krisis ng kahirapan dulot ng walang katapusang pagtaas ng presyo ng mga bilihin, mababang sahod at kawalan ng hanapbuhay.

Naghahabol ang mga Duterte na maipasok ang sapat na bilang ng kanilang mga tauhan sa Senado, pangunahin para hadlangan ang *impeachment* kay Vice President Sara Duterte, na akusado sa maanomalyang paggastos sa daan-daang milyong pisong badyet ng gubyerno. Upang kunin ang simpatya ng mamamayan, pinalalabas nilang sila'y mga biktima ng pampulitikang paniniil ni Marcos. Subalit bigo silang burahin ang sariwang alaala ng masa ng malawakang karahasan at pagdurusa sa ilalim ng nagdaang rehimen, at tabunan ang sigaw ng taumbayan para sa katarungan sa lahat ng biktima ng pasistang mga krimen ng tiranong si Duterte.

Ipinakikita ng dominasyon ng dalawang bulok na pangkatin sa eleksyong 2025 ang kasuklam-suklam na halalan sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. Paligsahan ito ng iilang makapangyarihan. Walang tunay na puwang ang paglahok ng masang api at pinagsasamantalahan. Pinalalabas na demokratiko ang eleksyon, gayong ang katotohanan, para lamang ito sa mga burukratang kapitalista, mga burgesyang komprador at panginoong maylupa.

Sa nagdaang mga buwan, lumikha ng malakas na ingay ang paglahok ng mga demokratiko, progresibo at makabayang kandidato at partido sa eleksyon sa senado at kongreso. Dinala nila sa kampanyang eleksyon ang mga panawagan para sa nakabubuhay na sahod at sweldo, tunay na reporma sa lupa, pagpapababa ng presyo ng mga bilihin, libreng serbisyong pangkalusugan at edukasyon, trabaho, karapatan, kalayaan at iba pang kahingian ng sambayanan. Nagmula ang karamihan sa kanila sa hanay ng mga magsasaka at manggagawa, mga maralitang-lun-

sod, mangingisda, drayber at iba pang aping sektor.

Taliwas dito ang mga reaksyunaryong pulitiko na nagbibingi-bingihan sa mga sigaw ng bayan. Kung umasta mang maka-masa, iyon ay hanggang eleksyon lamang. Gamit ang kanilang malalim na balon ng yaman, dinodominahan na rin nila ngayon ang halalang *party-list* at inaalisan ng puwang ang mga partidong tunay na kumakatawan sa mahihirap na sektor ng lipunan.

Daan-daang milyong piso ang gastos nila para sa mga patalastas sa radyo at telebisyon, para tadtarin ang mga pader at poste ng kanilang mga poster at mamudmod ng mga kamisetang may tatak ng kanilang mukha at pangalan. Kasabay nito, nagsulputang parang kabute ang mga sarbey para impluwensyahan ang isip ng taumbayan. Kaakibat nito ang paggamit ng mga bayarang taga-impluwensya sa *social media* para itulak ang talakayan pabor sa interes ng mga pulitiko o partido. Daan-daan milyong piso ang tiyak na babaha pa habang papalapit ang mismong araw ng halalan para ipambili ng boto.

Kabi-kabila ang mga kaso ng pagpatay at karahasan ng mga nagriribalang pulitiko sa iba't ibang panig ng bansa. Karahasan naman ng estado ang ginagamit ng mga ahente ng militar, pulis at NTF-Elcac para gipitin ang mga progresibong kandidato at partido, sa anyo ng pagmamanman, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, pag-aaresto at pagkukulong, at paninindak sa kanilang mga pwersa at tagasuporta.

Tiyak na muling gagamitin ng nakaupo sa kapangyarihan ang dekompyuter na pagbibilang sa mga boto para pumabor sa kanila ang magiging resulta ng halalan. Kaya't lumalakas ang panawagan para sa manumanong pagbibilang ng boto na magbibigay sana ng malaking katiyakan na tamang nabibilang ang mga boto. Gayunman, patuloy itong binabalewala ng Comelec. Tinatayang malaking bilang ng mga migranteng manggagawang Pilipino ang hindi makaboboto dahil sa ginawang *online voting*.

Alinman sa mga Marcos o mga Duterte ang manaig sa darating na halalan, tiyak na patuloy at lalong bibilis ang pagkabulok ng reaksyunaryong estado, sa harap ng walang kalutasang krisis ng naghaharing sistema. Patuloy itong magpapatupad ng mga programa at batas na pabor sa interes ng imperyalismong US, ng malalaking dayuhang kumpanya at ng mga naghaharing uri, na magdadala ng higit na pagdurusa sa taumbayan. Tiyak na lalala pa ang korapsyon sa pagbawi ng mga burukratang kapitalista ng daan-daang milyong ipinuhunan nila sa eleksyon.

Dapat patuloy na patatagin ang solidong organisadong hanay ng sambayanang Pilipino at magpunyagi sa landas ng militanteng pakikibaka, lalo sa pagharap sa malalaking laban sa darating na mga buwan at taon, kabilang ang pagbukas ng pagdinig ng Senado kaugnay sa *impeachment* ni Sara Duterte at paglilitis kay Rodrigo Duterte sa ICC, gayundin laban sa tumitinding panghihimasok militar ng US sa Pilipinas at panunulsol ng gera kontra sa China, sa pagpapakapapet ni Marcos, sa anti-mamamayan at pahirap na patakaran, korapsyon, kainutilan at pasistang panunupil at paninibasib ng rehimeng Marcos sa sambayanan.

Sa nakalipas na mga buwan, napakarami na namang namulat ang mata sa kabulukan ng reaksyunaryong eleksyon at huwad na demokrasya sa ilalim ng naghaharing sistema. Ipinakikita nito sa taumbayan na tunay ngang rebolusyonaryong pagbabago ang solusyon sa mga pundamental na problema ng sambayanan. Tuluy-tuloy na lumalakas at lumalawak ang National Democratic Front at lahat ng kaanib nitong organisasyon, at ginagawa ang lahat ng makakaya para tumulong sa pagpapalakas ng Bagong Hukbong Bayan at pagsulong sa armadong pakikibaka.

Sa kanayunan, patuloy na nakapagpupunyagi at nakapagpapalakas ang BHB sa kabila ng walang awat at brutal na gera ng panunupil ng rehimeng Marcos. Patuloy na pinalalalim at pinalalawak ng BHB ang ugnayan nito sa masang magsasaka upang isulong ang kanilang mga pakikibakang anti-imperyalista, anti-pasista at antipyudal, palakasin ang kanilang mga samahang masa, at ilunsad ang kakayaning mga taktikal na opensiba. Sa gabay ng Partido at ng kilusang pagwawasto, tiyak na patuloy na babagtasin ng digmang bayan ang landas ng pagsulong. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 9 | Mayo 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Armadong rebolusyon ang tunay na solusyon 1
₱1,200 nakabubuhay na sahod *nationwide* 3
Kalagayan ng uring manggagawa sa ST 4
Kabankalan 7, mabubuting anak ng Negros Island 5
Ika-52 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang 5
Ang hindi nagmamaliw na suporta ng masa 6
Bagong kumand ng AFP, pwersa ng US sa Pilipinas 7
Sa madaling salita 8
Doktrinang CVE ng US, ginagamit ng NTF-Elcac 9
Mga protesta 9
Dalawang lider-masa sa ST, dinukot 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

₱1,200 nakabubuhay na sahod *nationwide*, panawagan sa Mayo 1



Mahigit 7,000 manggagawa, kasama ang kabataan at iba pang demokratikong sektor, ang nagmartsa tungong Mendiola sa Maynila noong Mayo 1, Araw ng Paggawa. Nanawagan sila na itaas ang sahod sa nakabubuhay na antas sa buong bansa. Nagkaroon ng katulad na mga pagkilos ang mga manggagawa sa mga syudad ng Baguio, Angeles, Calamba, Naga, Cebu, Iloilo, Roxas, Bacolod, at Davao, at sa bayan ng Rosario sa Cavite.

Ayon sa mga manggagawa, marapat na itaas ang minimum na sahod sa nakabubuhay na antas na ₱1,200 dahil sa tumataas na halaga ng pamumuhay at ilang dekada nang supil na pagtaas ng sahod. Sa ngayon, nasa 36% hanggang 54% ang natatanggap na sahod ng mga manggagawa kumpara sa kanilang pangangailangan. Iginiit nilang buwagin ang mga *regional wage board* na naggagawad ng barya-baryang pagtaas. Panawagan din nila ang pagwawakas sa kontraktwalisasyon at pagtatanggol sa karapatan sa unyon, kabilang ang karapatan sa pag-oorganisa at kolektibong pakikipagtawaran.

₱200 *across-the-board*

Kasabay ng panawang nakabubuhay na sahod, itinulak ng National Wage Coalition (NWC) ang pagsasabatas sa ₱200 dagdag-sahod para agarang mabigyan ng alwan ang mga manggagawa. Isinusulong ng koalisyon ang panukala sa harap ng ilang taon nang pagkabalam ng mga panukalang dagdag-sahod sa Kongreso at Senado. Kung maitulak, ito ang unang pambansang taas-sahod na idadaan sa batas sa nakaraang 36 taon. Binubuo ang NWC ng 30 mga sentro ng paggawa, kabilang ang KMU.

Tulad ng inaasahan, inulit lamang ni Ferdinand Marcos ang tugon na "pag-aaralan" ang panukalang dagdag. Kabaligtaran ito sa bilis ng pagpasa ng rehimen ng kautusang ehekutibo na nagdagdag ng ₱200 sa arawang alawans sa mga sundalo at pulis ngayong taon.

Diskriminasyon sa sahod sa kanayunan

Nakabubuhay na sahod rin ang panawagan ng mga manggagawa sa agrikultura sa Araw ng Paggawa. Ayon sa Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), kung mababa na ang sahod sa kalunsuran, mas mababa pa ang sahod ng mga manggagawang-bukid sa kabila ng mahalagang papel nila sa produksyon ng pagkain.

Animo'y mga "third class citizen" o mababang klaseng mamamayan ang mga manggagawa sa kanayunan, ayon sa UMA. Sa Eastern Visayas, halimbawa, nasa ₱390 lamang ang sahod sa mga manggagawa sa agrikultura, na 32.5% lamang ng nakabubuhay na sahod. Sa Negros, kung saan matatagpuan ang malalaking asyenda, libu-libong mga manggagawang-bukid ang tali sa sistema ng pakyawan na mas mababa pa sa itinakdang minimum na sahod ang tinatanggap para sa mga manggagawa sa agrikultura.

Dagdag sa barat na sahod, nahaharap din sila sa di-makatao at mapanganib na mga kundisyon sa trabaho. Madalas silang natatambad sa mapanganib na mga kemikal, matinding init ng araw at iba pang sitwasyong nakasasama sa kalusugan.

Hamon sa mga manggagawang Pilipino


Sa pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Araw ng Paggawa, hinimok nito ang manggagawang Pilipino na magkaisa at kumilos para magsilbing matibay na gulugod, malawak na pwersa at pinuno sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Dapat nilang isulong ang militanteng mga pakikibakang unyon para ipaglaban ang nakabubuhay na sahod, at ipagtanggol ang demokratikong interes at kapakanan ng mga manggagawa, anito. Dapat nilang panghawakan at gamitin ang welga bilang sandata sa kanilang mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika.

Anang Partido, dapat ilagay ng mga manggagawang Pilipino ang kanilang hanay sa unahan ng mga pakikibakang bayan, kabilang sa paglaban sa korapsyon ng naghaharing rehimen, mga pasistang krimen, walang awat na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at walang pakundangang importasyon ng bigas. Dapat nilang paalingawngawin ang panawagan para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon at pambansang demokrasya.

Dapat ding labanan ang Balikatan at mga *war games* na pang-uupat ng gera ng US at ang pagpapakatuta ng rehimeng Marcos sa kanyang imperyalistang amo. Nanawagan din ito sa mga manggagawang Pilipino na ipamalas ang pakikiisa sa mamamayang Palestino laban sa henosidyo ng Zionistang estado ng Israel. AB

Kalagayan ng uring manggagawa sa Southern Tagalog



Matatagpuan ang pinakamalaking bilang ng mga manggagawang Pilipino sa Southern Tagalog. Sa kabuuan, 18% ng buong pwersang paggawa ng bansa ang nasa rehiyon. Pumapangalawa rito ang National Capital Region kung saan bumibilang sa 10.4 milyon ang mga manggagawa. Nakakonsentra sa Calabarzon ang 12.1 milyon sa 14.2 milyong pwersa ng paggawa ng rehiyon.

Hindi pa kabilang dito ang hindi itinuturing ng estado na pwersa ng paggawa tulad ng mga maybahay, retirado, *out-of-school* na kabataan, gumradweyt pero walang napasukang trabaho, may kapansanan, at mga hindi naghanap ng trabaho sa loob ng anim na buwan. Sa pinakahuling inilabas sarbey ng reaksyunaryong estado, ang "labor force participation rate" o porsyento ng populasyong edad 15 pataas na napapabilang sa pwersa ng paggawa ay 64.8% lamang sa Calabarzon at 64.2% sa Mimaropa.

Sa mga may trabaho, sangkatlo ang kinategoryang *self-employed* o nag-eempleyo sa sarili. Bukod dito, may 7% ibinibilang sa *employed* pero walang sahod o hindi binabayaran ang paggawa. Kapag pinagsama ang dalawang kategorya, 35% ito ng pwersang paggawa na may bilang na 3.2 milyon sa buong rehiyon. Kapag idinagdag ito sa upisyal na bilang ng walang trabaho, may nakalululang bilang na 3.7 milyon na walang pormal na hanapbuhay sa hanay ng 9.2 milyong pwersa sa paggawa ng Southern Tagalog. Dagdag sa kanila ang nasa 1.4 milyong manggagawa na *underemployed* o kulang sa trabaho.

Mababang sahod

Ang sahuran at sumusweldong manggagawa sa rehiyon ay bumubuo sa 64% ng pwersang paggawa na may trabaho. Nasa pribadong kumpanya ang 4.4 milyon, habang kawani ng gubyerno ang 777,000.

Napakababa at hindi nakabubuhay ng pamilya ang sahod na ibinabayad ng kapitalista at burukrata kapitalista sa mga manggagawa, sa pribado man o sa sektor publiko. Sa Calabarzon ang minimum na sahod noong Mayo 2024 ay ₱522 lamang kada araw samantalang ang itinakda na nakabubuhay na sahod para sa 5-taong pamilya ay ₱1,122 bawat araw. Sa Mimaropa, kahabag-habag na ₱352 kada araw ang minimum na sahod noong Marso 2024, malayo sa itinakdang nakabubuhay na sahod para sa 5-taong pamilya na ₱1,213. Mistulang patakaran ng reaksyunaryong gubyerno ang hindi makataong kita ng manggagawa.

Milyun-milyon ang mga manggagawa ngunit maliit na bilang lamang ang organisado sa mga unyon na pangunahing organisasyong magsusulong ng kanilang karapatan sa makatarungang sahod. Sa tala noong 2021-2022, sa buong bilang na 34,543 kumpanya sa bansa na may pinakamababang 20 manggagawa pataas, 1,464 kumpanya o 4.2% lamang ang may rehistradong unyon. Mas maliit ito sa dating 6.3% noong 2018.

Terorismo ang tugon ng rehimen sa paglaban ng uring manggagawa

Ang dating pasistang panunupil sa pag-uunyon ng mga manggagawa ay hinigitan pa ng tahasang terorismo ng estado sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Anti-Terrorism Law. Ang reaksyunaryong estado ang nagsasagawa ng terorismo laban sa karaniwang mamamayan laluna laban sa mga manggagawa, aktibista, mga taong may makatarungang adbokasiya at mga kritiko ng gubyerno. Laganap na ginagamit ng mga militar, pulis at ahensya ng estado gaya ng NTF-Elcac ang *Red-tagging* na pumupuntirya sa lider at aktibistang kasapi ng unyon. Paghahanda ito para isagawa ang pagpaslang, pagdukot at pagwala sa kanila. Tampok na halimbawa nito ang operasyon ng PNP-Calabarzon na tinaguriang Bloody Sunday noong Marso 7, 2021 na pumatay sa siyam na lider at organisador kabilang ang lider-manggagawang si Manny Asuncion. Makalipas ang ilang linggo, pinatay din si Dandy Miguel, presidente ng unyon sa Fuji Electronics sa Laguna.

Noong maagang bahagi ng 2023, isang delegasyon ng International Labour Organization (ILO) ang nagsagawa ng imbestigasyon sa kalagayan ng mga unyon at nagpahayag ng pagkundena sa takbo ng kaisipan ng reaksyunaryong gubyerno na laging iniuugnay ang unyonismo sa komunismo. Mula 2016, 76 unyonista at organisador ang naitalang pinaslang ng mga pwersang panseguridad ng estado. Kahit matapos ang misyon ng ILO sa bansa, apat pang mga unyonista ang iniulat na pinaslang.

Halaw sa Kalatas, Mayo 2025. AB

Kabankalan 7, mabubuting anak ng Negros Island

Binigyang pugay ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Negros Island (Apolinario Gatmaitan Command) ang pitong Pulang mandirigma nito na namatay sa "overkill" na armadong operasyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) noong Abril 27 ng umaga sa Barangay Tapi, Kabankalan City, Negros Occidental. Namatay ang Kabankalan 7 habang gumagampan sa ginintuang tungkulin ng patuloy na pagsusulong sa armadong pakikibaka, pagpapalawak sa baseng masa at agraryong rebolusyon sa isla.

Ang pitong namartir ay sina Reniel Locsin Cellon (Ka Randy), Mary Jane Magquilat (Ka Shonie), Charity Amacan (Ka Mayang), Johnrey Mejares (Ka Jai), Glenda Tinio Mejares (Ka Glendyl), Ka Pitong, at Dee Supelanas (Ka Dahlia). Si Supelanas ay dating lider estudyante ng UP-Cebu. Tatlo sa mga martir ay mga *senior citizen* at mayroong kundisyong medikal na dahilan ng kanilang kahirapan na makakilos.

Noong Abril 29, nagtipon at sama-samang nagtirik ng kandila ang mga kabataang Cebuano sa University of the Philippines (UP)-Cebu para bigyang pugay si Supelanas. Bago nagsilbi bilang Pulang mandirigma, si Supelenas ay isang aktibista at lider-estudyante. Pinamunuan niya ang mga kampanya para sa edukasyon, serbisyong panlipunan, demokratikong karapatan at paglaban sa tiraniya at pasismo.

Nagpaabot ng pakikiramay ang Partido at BHB-Negros Island sa mga pamilya, kaibigan at kasama ng Kabankalan 7. “Habang nagluluksa, gamitin ninyo itong pagkakataon para higit na pandayin ang rebolusyonaryong diwa, bilang paraan ng pagkakamit ng hustisya sa ating mga martir,” ayon kay Ka Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido.

Binatikos rin ni Valbuena ang pang-aalipusta ng National Task Force-Elcac at AFP sa alaala ni Supelanas. Ipinipinta ng mga pwersa ng estado na siya ay "biktima ng manipulasyon" ng Partido at ng BHB, sa kabila ng katotohanang libu-libong kabataan ang lumahok at lalahok pa sa rebolusyonaryong kilusan para baguhin ang bulok na lipunan dahil sa kanilang pagmamahal sa inang bayan.

Samantala, nanawagan ng imbestigasyon ang grupo sa karapatang-tao na Kapatid sa pagpaslang sa Kabankalan 7. Tinutulak nila ang imbestigasyon dahil duda sila kung “tunay nga bang engkwentrong militar ang nangyari o tahasang pagpaslang.” Ipinagtataka ng grupo na wala man lamang ni isang nakaligtas mula sa pitong Pulang mandirigma.

Anito, higit na mas malakas at superyor ang bilang at armas pamutok ng AFP laban sa nakahimpil na mga Pulang mandirigma, ngunit bakit hindi na lamang sila inaresto? “Bakit wala ni isa sa kanila—o maging lahat sila—ang inaresto at sinampahan ng kaso? Para maging mga bilanggong pulitikal sa halip na habampanahong pinatahimik?” ayon pa sa grupo. AB



Ika-52 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang

DALA ANG MGA bandila ng National Democratic Front (NDF) at mga alyadong organisasyon nito, naglunsad ng raling iglap ang daan-daang kasapi ng iba't ibang rebolusyonaryong grupo sa Divisoria sa Maynila noong Abril 29 para ipagdiwang ang anibersaryo ng NDFP. Panawagan nila: "Armadong rebolusyon ang tunay na solusyon!" Ginunita ng NDFP ang ika-52 anibersaryo nito noong Abril 24.

Nagsabit ng mga istrimer ang Christians for National Liberation (CNL) at Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU) malapit sa Malacañang na may panawagan ng pagsusulong ng rebolusyon.

Ayon kay Elias Dipasupil, pangkalahatang kalihim ng NDFP, ang NDFP bilang organisasyon ng nagkakaisang prente ay para sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. "Habang kinikilala ang iba’t ibang porma ng pakikibaka, itinataguyod ng NDFP ang armadong pakikibaka bilang pangunahing porma upang mabaklas ang bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema habang unti-unti at tuluy-tuloy na binubuo ang bagong sistema sa pagpapaunlad ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan.”

Hinimok niya ang mga alyadong organisasyon na magpalawak at magpalakas. “Sa kasalukuyang pandaigdigan at pambansang krisis, kailangang-kailangan ang mga organisasyong masa para sa paikikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa pang-aapi at pagsasamantala at sa pagbubuo ng lipunang nararapat para sa kanila, na nagsisilbi sa kanilang mga interes,” aniya.

Nagpahayag naman ng pagbati ang iba't ibang organisasyon mula sa antas rehiyon hanggang pambansa, at ang mga partido sa ibayong-dagat para sa anibersaryo ng NDF. Kabilang dito ang PKP, BHB, mga balangay ng NDF sa Southern Tagalog at Ilocos, NDF-Palawan, NDF-International, Liga ng Agham para sa Bayan, Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, RCTU, Kabataang Makabayan at KM-Southern Tagalog, Compatriots, CNL at Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid.

Binati rin ang NDF ng Friends of the Filipino People in Struggles (FFPS) at mga balangay at organisasyon nito. Nagsagawa ang FFPS ng mga aktibidad at pagtitipon sa iba't ibang bansa noong Abril 26 bilang pagdiriwang. Nagpaabot rin ng pagbati ang International Bureau ng Partido Komunista ng Turkey (TKP-ML) at Cairde na Filipínigh Committee ng Anti-Imperialist Action Ireland.

Koresponsal

Ang hindi nagmamaliw na suporta ng masa

Takipsilim na ng puntahan ng mga kasama ang isang kalapaw o kubo ng mag-uuway o nangunguha ng yantok na si Mang Nestor (hindi niya tunay na pangalan) sa kahabaan ng Ilagan-Divilacan Road. Nasa tabing-daan ito kaya minabuti nilang hintayin ang paglubog ng araw bago magtungo roon.



"Magandang gabi!" kasabay ang sagad-sa-tengang ngiti ang agad na ipinambungad ng mga kasama sa kanya. Hindi pa man tuluyang nakakapasok sa kalapaw, agad nang humagulgol ng iyak si Mang Nestor at tanging "Kadua!" lamang ang kanyang nasambit habang patuloy pa rin sa pag-iyak. Lumabas si Mang Nestor upang lapitan ang mga kasama at sinalubong sila ng mahigpit na yakap. "Ang tagal na ninyong hindi pumasyal. Ang tagal na namin kayong hinihintay," nagagalak niyang sabi habang inaanyayahan ang mga kasama sa loob ng kalapaw.

Isa si Mang Nestor sa mga pambansang minoryang Agay sa Kadas (hindi tunay na pangalan ng lugar) na inagawan ng lupa sa ngalan ng huwad na reporestasyon na Enhanced National Greening Program (E-NGP). Hindi na rin siya makapagkaingin dahil sa pagbabawal ng DENR. Katulad ng lahat ng pambansang minorya na pinagkaitan ng lupang ninuno, wala siyang sariling lupa kung kayat pangunguha ng yantok ang naging hanapbuhay nilang mag-asawa. Bagamat kayod-kalabaw sa pag-uuway, kakarampot pa rin ang kanilang kinikita rito upang itawid ang araw-araw na pangangailangan ng pamilya.

"Hindi ako nakapag-aral. Hindi ako marunong magbasa, magsulat at magbilang pero masipag akong magtrabaho. Ngunit kahit dugo't pawis na kami ng asawa ko sa pag-uuway, lagi pa rin kaming salat at madalas lugi dahil ang daming ikinakaltas ng *boss* namin (sa pag-uuway)," masalimuot na pagbabahagi ni Mang Nestor sa mga kasama habang binibigyan sila ng mainit na kape. "Kaya masayang masaya ako na nakabalik ulit kayo dito sa amin mga kasama," nakangiti niyang sabi.

Masalimuot ang proseso ng pag-uuway. Maliban sa marami itong tinik at mahirap hilain mula sa puno o akyatin upang makuha nang buo, manu-mano pa itong ibinababa mula sa gubat. Parang mga kalabaw na naghihila ng araro, buong-lakas nilang hihilain ang ilang pirasong uway na nakatali sa kanilang beywang o ulo hanggang makarating sa kanilang mga kalapaw. Kaya bago pa man makakuha ng yantok, bumabale na sila para may pambili ng pagkain ng pamilya at baon sa gubat habang nag-uuway, dagdag pa ang barat na presyuhan sa bawat bungkos at "pole" ng uway ayon sa laki nito. At dahil hindi marunong magbasa at magbilang, madalas ay dinadaya sila sa kwentahan.

Pagtutulungan ng hukbo at masa

Mayaman sa rebolusyonaryong karanasan at sama-samang pagkilos ang mga magsasaka at pambansang minorya sa baryo ng Kadas. Taong 2000, nagkaroon ng isyu sa kahabaan ng lugar nang tinangkang palayasin silang mga magsasaka ng nangangasiwa sa Community-based Forest Management. Dati iyong may konsesyon sa pagtotroso sa erya na halos sanlibong ektarya. Nang matagal na tiwangwang ang kanyang konsesyon ay pumusisyon dito ang mga setler galing ng Ifugao.

Sa pamumuno ng Partido, nagtagumpay ang mga magsasaka na maigiit ang karapatan nilang magbungkal ng sinasaka nilang lupa. Sa proseso ay napaunlad ang kanilang lugar bilang isang kinokonsolidang bahagi ng baseng gerilya. May mga organisasyong naitayo at mga proyektong sosyo-ekonomiko tulad ng mga komunal na bukid sa sektor ng kabataan, kababaihan, mga panglakayen o matatanda at mga panday; mayroong gamit pansaka at pagpapaunlad ng *potable water system*; at iba pang mga proyekto para sa kagalingan ng mga magsasaka at pagpapataas ng produksyon. Bagamat patuloy na hindi kinikilala ng reaksyunaryong gubyerno ang karapatan nila sa lupa dahil sa kategoryang *forest land* daw ito, katuwang ang mga kalapit na bayan ay sama-sama nilang hinarap at napagtagumpayan ang mga usaping magsasaka sa lugar.

Mga proyektong mapangamkam ng lupa

Nagsimulang mabulabog ang magandang simulain ng mga magsasaka nang pumasok ang huwad na mga programa ng reaksyunaryong gubyerno na nagpalayas sa puu-puong komunidad ng mga pambansang minoryang Agay, mga setler mula sa Ifugao at karatig-barangay. Ito ang NGP at ang paggawa ng Ilagan-Divilacan Road para umano sa ekoturismo na magdudugtong sa sentro ng Isabela sa mga bayan sa baybay-dagat. Doble dagok ang mga iskema na ito ng pang-aagaw ng lupa sa mga katutubo na pinagkakaitan ng karapatan sa lupa at kabuhayan.

Sundan sa pahina 7

Bagong kumand ng AFP, pwersa ng US sa Pilipinas

Pagtataas ng paghahanda ng US sa imperyalistang gera laban sa China

Sa kasagsagan ng mga aktibidad ng Balikatan noong Mayo 1, inianunsyo ng AFP ang plano nitong pagtatayo ng "Strategic Defense Command" sa loob ng kasalukuyang taon. Bubuuin ang bagong kumand para pangasiwaan diumano ang daan-daang *war games* na inilulunsad ng US sa Pilipinas, kabilang na ang Balikatan. Ang kumand na ito ay sinasabing huhugutin mula sa kasalukuyang Education, Training, and Doctrine Command ng AFP na dati nang mahigpit na nakasunod sa mga doktrinang militar ng US.

Kasabay ng pagbubuo ng bagong kumand ng AFP, sisimulan ng US ngayong taon ang operasyon ng mga bagong yunit militar nito sa Pilipinas. Una nang nagsimula ang operasyon ng Littoral Rotational Force-Luzon ng US na permanenteng didikit sa hilagang bahagi ng isla.

Ang pagbubuo ng AFP ng Strategic Defense Command at pagtatalaga ng permanenteng LRF sa Pilipinas ay bahagi ng pinaiigting na paghahanda ng US ng gera laban sa China. Patuloy na pinaiigting ng US ang tensyong militar sa pagitan nito at ng China sa sadyang pagsasagawa malapit sa Taiwan ng malalaking *war games*, pagpupwesto doon ng mga *long-range* at *anti-ship missile system* na naka-asinta sa *mainland* China, at pag-deploy ng mga tropa at *war ship* sa lugar na napakalapit na sa Taiwan at sa pinag-aawayang pormasyon sa South China Sea. Tuluy-tuloy ang pagtatambak ng daan-daang armas, sasakyan at iba pang gamit-militar sa iba't ibang lokasyon sa Pilipinas.

Protesta kontra-Balikatan

Sinalubong ng demonstrasyon ng mga pambansa-demokratikong grupo ang pagbubukas ng Balikatan 40-25 noong Abril 21. Binatikos nila ito bilang magastos at walang pakinabang sa mga Pilipino. Anila, pagyurak ito sa soberanya ng bansa.

Sa halos 3-linggong Balikatan, naitala ang presensya at aktibidad militar ng US at iba pang dayuhang pwersa sa Batanes, Cagayan, Zambales, Subic Bay, Bulacan, Nueva Ecija, Aurora, Cavite, Palawan, Manila City, at Quezon City. Nagsagawa rin ng mga maniobrang pandigma sa teritoryong panghimpapawid at karagatan sa Philippine Sea at South China Sea.

Nadiskaril ng mga aktibidad militar ng Balikatan hindi lamang ang kapayapaan sa mga komunidad, kundi ang kabuhayan ng mahihirap na mangingisda at magsasaka.

Sa Aparri, Cagayan, nagpataw ng pagbabawal na makapalaot ang mga mangingisda noong Mayo 3-4 para sa Counter Landing Live Fire. Umaabot sa 15,000 nakarehistrong mangingisda ang naperwisyo ng pagbabawal.

Sa Zambales, ipinataw rin ang pagbabawal na makapalaot noong Abril 25-27 sa mga bayan ng San Antonio, San Narciso, San Felipe, Cabangan, Botolan at Subic. Muli itong ipinatupad noong Mayo 5-6.

Bagamat hanggang Mayo 9 lamang ang Balikatan, magtatagal pa ang mga tropang Amerikano para sa karugtong nitong mga aktibidad. AB

Mula sa pahina 6

Sa ilalim ng dating rehimeng Benigno Aquino III, inilunsad sa buong bansa ang National Greening Program sa lunsod ng Ilagan noong 2011-2012. Lalo pa itong pinasaklaw sa ilalim ng rehimeng Duterte na naging E-NGP.

Malakas ang pagtutol ng masang nakatira roon. Ngunit ang marahas at matagalang operasyon ng 86th IB, 502 IBde sa ilalim ng direktiba at pamumuno ng 5th ID, hindi kinaya ng masang magsasaka na makapanatili. Napalayas ang mga magsasaka at pambansang minoryang nasagasaan ng nasabing proyekto. Pinaalis ang lahat ng mga nakatira sa tabing-kalsada, at inilagay sila sa iisang lugar na bulnerable pa rin silang mapalayas. Ang mga dayong mayayaman ang humaliling pumwesto sa kanilang dating pamayanan sa pagtaas ng halaga ng lupa sa tabi ng kalsada.

Dahil dito, kolektibong kumilos ang mga magsasaka, pambansang minorya at setler, na humantong sa ilang serye ng mobilisasyon, sa tulong at gabay ng mga kasama. Naglunsad din mga aksyong militar ang mga yunit ng hukbo kabilang ang pagdisarma at reyd. Ang isyung ito, karugtong ng malawakang pagpapalayas ng NGP sa mga setler, pangangamkam ng mga tradisyunal na panginoong maylupa, at pagpapalayas ng lokal na reaksyunaryong gubyerno sa mamamayan upang bigyang-daan ang mga huwad na proyektong pangkaunlaran, ang naging salalayan ng militanteng pagkilos at pakikibakang masa sa Kadas at mga karatig-bayan.

Dahil sa mayamang rebolusyonaryong karanasan sa pakikibaka ng mga masa ng Kadas, lubos ang kanilang tiwala sa hukbo at batid nilang ang rebolusyonaryong kilusan lamang ang tunay na nagtataguyod at kumikilala sa kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan. Kaya bagaman may ilang panahon na hindi nakababalik ang mga kasama sa lugar, nandoon pa rin ang init at sigla ng kanilang pagtanggap sa hukbo. Bukod sa suportang materyal, isa si Mang Nestor, sampu ng iba pa na naging pangunahing salalayan ng mga kasama sa pag-ugnay sa iba pang masa, at naging kaagapay nila sa pagpunta sa iba pang mga bayan. AB

SA MADALING SALITA

18.9 milyon

Pilipino ang sinasabing **"functionally illiterate"** o hindi nakaiintindi ng kanilang binabasa. Patunay ito na hindi mahusay ang kundisyon sa pagkatuto sa mga paaralan dahil kulang na kulang sa badyet sa edukasyon at walang suporta sa mga guro.



Pope Francis

Disyembre 17, 1936 – Abril 21, 2025

88 taong gulang si Pope Francis nang mamatay noong Abril 21, 2025. Kinilala siya ng Christians for National Liberation bilang matapang na deboto na naghangad na makamit ng mamamayan sa mundo ang hustisya.



78.7%

ng paglabag sa mga alituntunin ng eleksyon ay ***Red-tagging***.

Pinagkunan: Vote Report PH (Abril 30, 2025)

₱3.1 bilyon

idinagdag ng NEDA na pondo para sa pagtatayo ng **Kaliwa Dam**, sa kabila ng mariing pagbatikos dito ng mga Dumagat-Remontado, taong-simbahan at mga grupong maka-kalikasan.

63%

ibinagsak ng koleksyon ng estado mula sa taripa sa bigas dahil sa kautusan ng rehimeng Marcos na ibaba ito mula 35% tungong 15%, habang hindi signipikante ang pagbaba ng presyo ng bigas sa pamilihan.

₱20/KILONG BIGAS

gimik na pinasiklab ni Marcos noong Mayo 1 para makahamig ng dagdag na boto para sa kanyang mga kandidato. Inatras dahil walang naloko.



14,000

rider ng kumpanyang **Move It** ang napipintong mawalan ng trabaho matapos ipag-utos ng LTFRB sa kumpanya na bawasan ang bilang ng mga *rider* nito.


5 araw

lamang tatagal ang subsidyo para sa "₱20/kilo ng bigas" kung sasaklawin nito ang lahat ng 27 milyong nagugutom na Pilipino; 3 linggo naman kung 5.6 milyon lamang ang makikinabang.

Balangkas sa pampulitikang panunupil

Doktrinang CVE ng US, ginagamit ng NTF-Elcac

Tuwing mayroong Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na mula sa sektor ng kabataang-estudyante na namamatay sa labanan (o sadyang pinapatay) ng Armed Forces of the Philippines (AFP), walang ibang bukambibig ang National Task Force (NTF)-Elcac kundi ang pangangailangang supilin ang ideya at kaisipan ng kabataan sa mga unibersidad. Sinasabi nilang paraan ito para pigilan ang paglahok ng mga kabataan sa armadong pakikibaka o binabansagan nitong "radikalisasyon" o "terrorist grooming."



Ang taktikang ito ng AFP at NTF-Elcac ay nagmula at nakabalangkas sa doktrinang "countering violent extremism" (CVE o "paglaban sa marahas na ekstremismo") ng US. Tinataguriang "ekstremismo" o mga "sukdulang ideolohiya" ang anumang ideya na itinuturing na "banta" sa naghaharing sistema. Ipinantatabing ang CVE sa pagsupil sa lahat ng anyo ng pagpapahayag at paglaban sa estado. Pinalalabas nitong ang "ekstremismo" ang nagtutulak sa mamamayan na lumaban kabilang ang lehitimo at makatarungang pag-aarmas ng mamamayan laban sa reaksyunaryong naghaharing estado. Hindi simpleng mga ideya at paniniwala ang nagbubunga nito, taliwas sa pinalalabas ng CVE, kundi ang mismong kongkretong mga kundisyon ng pang-aapi, pagsasamantala at karahasan ng estado.

Ang doktrina at programang CVE

Ang CVE ay unang pinagtibay sa ilalim ng administrasyong Obama ng US noong 2014. Ginamit ito noong panahon ng kampanya kontra-Muslim o pagpapalaganap ng Islamophobia, at kasabay na tinarget ang mga progresibong aktibistang pampulitika. Pinalalabas ng doktrina na ang mga Muslim at mga aktibista ay "marahas sa kaibuturan."

Ginamit ang CVE para sa pagpupulis at pagmamanman sa mga lider ng komunidad para i-*profile* o bumuo ng larawan ng mga indibidwal batay sa kanilang kilos laluna sa usapin ng relihiyon, lahi at pulitika. Layunin nitong bantayan ang "radikalisasyon" ng mga indibidwal na sinasabing susi para humantong sa "terorismo." Tinatawag din ito bilang "soft counterterrorism."

Wala pa mang ginawa ang isang indibidwal, maaari nang bansagang "terorista" ang kanyang ugali at takbo ng pag-iisip. Labag ito sa mga batayang karapatang-tao tulad ng karapatan sa pribasiya, pagpapahayag, pagkilos, pag-oorganisa at iba pa. Nagtatanim ito ng takot at nagbubunga ng "self surveillance" o "pagbabantay sa sarili" upang hindi mapaghinalaan, at sumisira sa mga komunidad.

Pamiminsala ng CVE sa Pilipinas

Noong 2019, binuo at pinagtibay ng gubyerno ng Pilipinas sa pamamagitan ng Anti-Terrorism Council sa ilalim ng Human Security Act ang isang National Action Plan on Preventing and Countering Violent Extremism (NAP P/CVE). Nakasaad bilang layunin nito ang pangangasiwa sa mga programang tumutugon sa pampulitika, pang-ekonomya, pangkultura, *psychosocial* at relihiyosong aspeto ng "radikalisasyon" na humahantong diumano sa "marahas na ekstremismo."

Inilagay ito pangunahin sa pangangasiwa ng Department of Interior and Local Government (DILG) katuwang ang iba pang ahensya ng gubyerno. Tinukoy ng plano ang anim na "bulnerableng sektor" na kinakailangang pasukin para pigilan ang "radikalisasyon." Ang mga sektor na ito ay ang komunidad, mga detenidong pulitikal at may kasong "terorismo", lider-relihiyoso, unibersidad, gumagamit ng *social media*, *overseas* Filipino *workers* at mga relihiyosong iskolar.

Gumagampan ng susing tungkulin ang NTF-Elcac bilang pangunahing ahensyang koordineytor ng mga programang ipinatutupad sa ilalim ng plano. Nakapakete ito sa tinatawag na "whole-of-nation approach," ang pundasyon ng pagkakabuo sa ahensya. Ang NTF-Elcac ang nakikipag-usap sa mga klaster at mga panrehiyon at lokal na *task force* para ipatupad ang NAP P/CVE.

Sa aktwal, nagkahugis ang plano sa pagpapatupad ng Retooled Community Support Program (RCSP) noong Oktubre 2019 sa bisa ng isang memorandum ng DILG para pasukin ang mga komunidad. Sa balangkas rin ng NAP P/CVE ipinatupad ang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) noong Marso 2020 para naman targetin ang "nagbalik-loob" o mga nakakulong.

Sa mga unibersidad at eskwelahan, nagsasagawa ang NTF-Elcac at mga ahensya sa seguridad ng estado ng mga porum, mga *leadership trai-*

Sundan sa pahina 10



Barikada ng mamamayang Aeta sa Mt. Pinatubo. Nagtayo ng barikada noong Abril 18 ang komunidad ng Aeta sa Mt. Pinatubo Sityo Tarukgan, Barangay Santa Juliana, Capas, Tarlac upang igiit ang karapatan sa kanilang lupa. Ilang taon nang hindi nababayaran nang tama ang mga katutubo ng mga ahensya ng estado sa turismo at hindi rin sila tinutulungan ng NCIP. Hindi makatarungang inaresto ang ilan sa kanila ng mga pulis at sinampahan sila ng kasong *obstruction of public passage* at hindi awtorisadong pagpasok sa protektadong lugar.

Balik-trabaho sa Bataan. Naitulak ng mga manggagawa ang pamunuan ng FCF Manufacturing Corporation na ibalik sa trabaho ang mga ipinailalim nito sa istatus na "forced leave" noong Abril 19. Nanawagan ang grupo kumpanya na itigil ang tinatawag na "paghataw sa gawa" at iba pang iskema ng pag-iimbak ng gawang produkto dahil ito ang nagtutulak ng patakarang *forced leave*.

Parada sa dagat laban sa *offshore wind farm* sa Ilocos. Naglunsad ng parada ang mga mangingisda sa Pagudpud sa Ilocos Norte noong Abril 20 upang tutulan ang planong pagtatayo ng BuhaWind Offshore Windfarm sa baybay ng Pasuquin, Burgos, Bangui, at Pagudpud. Sa tatlong taong konstruksyon ng *wind farm*, pagbabawalan na makapalaot malapit dito ang mga mangingisda.

Pagkilos kontra Prime Water sa Bulacan. Naglunsad ng *noise barrage* ang iba't ibang grupo noong Abril 25 upang kundenahin ang palpak na serbisyong tubig ng Prime Water sa San Jose Del Monte City sa Bulacan. Mula nang maitatag ang *joint venture* o sosyohan ng Prime Water at ng San Jose Del Monte Water District noong 2018, kabi-kabila na ang naging problema ng mga residente tulad ng madalang at mahinang daloy ng marumi at hindi pwedeng inuming tubig, at napakamahal ng bayarin sa serbisyo.

Dalawang lider-masa sa Southern Tagalog, dinukot

NAITALA ANG DALAWANG kaso ng pagdukot sa mga lider-masa sa Southern Tagalog sa nagdaang dalawang linggo. Liban dito, mayroon ding mga paglabag sa karapatang-tao ang mga sundalo at pulis sa Isabela, Quezon at Metro Manila.

Sa Batangas, dinukot ng mga pwersa ng estado si Pauline Joy Banjawan, organisador ng Kadamay-Southern Tagalog na nangangampanya para sa Bayan Muna, noong Abril 26. Dalawang araw matapos ang pagkawala, natunton siya sa istasyon ng pulis sa Santo Tomas, Batangas.

Napag-alamang dinukot siya ng 59th IB, ipinailalim sa isang araw na tortyur bago dinala sa mga pulis. Sinampahan si Banjawan ng kasong *illegal possession of firearms and explosives*.

Sa Rizal, dinampot at ikinulong ng mga sundalo ng 80th IB ang magsasakang si Jonathan del Castello noong gabi ng Abril 27 sa Tanay. Ayon sa biktima, ipinailalim siya sa interogasyon at tinakot na papatayin ng mga sundalo. Inakusahan siya na ang dala niyang pagkain nang siya'y dinakip ay ihahatid niya sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pinakawalan lamang siya ng 80th IB noong madaling araw ng Abril 28.

Istraping. Sa Isabela, pinaputukan ng mga elemento ng 502nd IBde ang limang pambansang minoryang Ifugao habang nangingisda noong Abril 21 sa Sityo Sapiot, Barangay Tappa, San Mariano. Tatlo sa mga sibilyan ang kaagad na ligtas na nakauwi habang ang dalawa ay hindi kaagad natunton. Namaril din ang 86th IB sa Barangay Dicamay Dos, Jones noong Abril 20.

Militarisasyon. Sa Quezon, hindi bababa sa 2,000 sundalo ng 2nd ID ang ibinuhos para sa *focused military operation* (FMO) sa apat na barangay ng Lopez simula noong Abril 21. Kabi-kabilang tsekpoynt ang itinayo ng militar at pulis na nagpapaantala sa kabuhayan, pagsasaka at malayang paggalaw ng mga residente. Hinihingan ng sedula ang lahat ng mga dumadaan sa tsekpoynt.

Panggigipit. Hinarang sa paliparan at pinagbawalang pumasok sa Pilipinas noong Abril 26 si Gordon Mutch, Amerikanong myembro ng Baltimore Committee for Human Rights in Philippine (BaltCHRP). Pumunta sa Pilipinas si Mutch para magmasid sa eleksyong 2025 at makita ang kalagayan ng mga Pilipino sa ilalim ng rehimeng Marcos. Dinetine siya ng Philippine Bureau of Immigration nang apat na oras, bago siya dineport sa US dahil sa "kontra-gubyerno niyang mga aktibidad."

Mula sa pahina 9

ning, *camping*, gawaing kooperasyon at iba pang panghihimasok sa mga unibersidad para talakayin ang "radikalisasyon."

Isang mukha nito ang kampanyang *Red-tagging* na sumusupil sa kalayaang mag-isip, mag-organisa, magpahayag at iba pang karapatan ng mga kabataan. Nagkaroon din ng mga kaso ng pagsamsam ng NTF-Elcac ng mga libro sa silid-aklatan ng mga unibersidad na anito ay nagdudulot ng "radikalisasyon."

Pinakamalubha, pinapayuko ng militar at NTF-Elcac ang mga administrador ng mga eskwelahan para sumunod sa kanilang kumpas. Sa ganitong balangkas pinasok ng AFP ang isang kasunduan sa kooperasyon sa University of the Philippines. Ito rin ang pangunahing layunin ng NTF-Elcac nang ipinaloob ang COCOPEA, grupo ng mga pribadong eskwelahan, bilang bahagi ng komite nito.

Malawakang takot at troma ang nilikha ng doktrinang CVE sa kabataan at mamamayan. Dahil dito, marami ang nag-aalangang magpahayag ng upinyon sa *social media* at magsalita para sa kanilang batayang mga karapatan. AB